Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-07 NG HULYO, 2020 SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**DI-NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad<br>(Nasa Opisyal na Gawain) |

## KAPASIYAHANG BLG. 46 T. 2020

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNUMBAYAN ROLANDO G. UBATAY NA LINANGIN, ISAAYOS AT PAGANDAHIN ANG LUMBAN MUNICIPAL FREEDOM PARK SA PAMBAYANG PAMILIHAN NA SIYANG LUGAR HINDI LAMANG UPANG MAGHAYAG ANG TAONG BAYAN NG KANILANG SALOOBIN SA PAMAHALAAN KUNDI PATI NA RIN LUGAR UPANG MAKAPAGLIBANG AT MAKAPAGPAHINGA**

**Akda ni KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO**
**Tagapangulo ng Committee on Public Market and Slaughter House**

**SAPAGKAT**, sa bisa ng Kautusang Bayan Blg. 2 T. 2006, ay natalaga na Freedom Park ang 2,500 metrong parisukat na sukat sa pamilihang bayan upang magamit ng mga Lumbeño na lugar upang malayang makapaghayag ng kanilang saloobin sa pamahalaan na siyang itinatadhana ng Saligang Batas;

**SAPAGKAT**, dahil sa malaking pangangailangan na makapagtayo ng mga istrukturang pangkomersyo sa malaking bahagi ng natalagang Freedom Park, ang lugar ay nalipat sa kasalukuyang kinatatayuan nito na nasa likurang bahagi ng Lumban-PNP Community Precinct;

**SAPAGKAT**, sa paglipas ng panahon ay unti-unti ng napabayaan ang makabuluhang lugar at tila natatabunan na ng kasalukuyang kalagayan nito ang marangal na layunin sa pagkatalaga sa lugar bilang isang Municipal Freedom Park kung kaya't nangangailangan na ito ng pagsasaayos at pagpapaganda;

**SAPAGKAT**, ang gagawing pagsasaayos at paglinang sa nasasakupan ng Freedom Park ay kabibilangan ng paglalagay ng kongkretong harang sa daluyan ng tubig irrigasyon para sa mga palayan na karatig ng naturang lugar upang maprotektahan ang magkabilang panig ng kanal sa pagkaguho, paglalagay ng mga concrete benches, park-lamp post, pagtatanim ng mga namumulaklak na mga halaman at paglalagay ng mga paving blocks sa mga path ways;

**SAPAGKAT**, ang paglilinis nito gaya ng pag-aalis ng mga tinaling panabong na manok, ng mga pagalagalang pusa at aso, pagbabawal sa pagtatambak ng mga basura at paglilipat ng mga segregated waste na iniipon sa lugar bago dalhin sa cement plant, ay magbibigay ng respeto at dignidad sa Freedom Park na isang lugar na pinangangalagaan ng batas;

**SAPAGKAT**, ang makabuluhang layunin na ito ay magkakaroon lamang ng katuparan sa pamamagitan ng pangunguna ng minamahal na Punumbayan Kgg. Rolando G. Ubatay na isa sa kaniyang pangunahing proyekto ay ang pagpapaganda ng kapaligiran lalo na ng nasasakupan ng pamilihang bayan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo na pinangalawahan ni Kgg. Rhoda DM. Rabie at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahang mapitagang humihiling sa Kgg. Punumbayan Rolando G. Ubatay na linangin, isaayos at pagandahin ang Lumban Municipal Freedom Park sa pambayang pamilihan na siyang lugar hindi lamang upang maghayag ang taong bayan ng kanilang saloobin sa pamahalaan kundi pati na rin lugar upang makapaglibang at makapagpahinga;

**IPINASIYA PA RIN**, na hilingin sa Kgg. Punumbayan sa pamamagitan ng Pambayang Inhinyero, Mario A.Liwanag na sukatin ang Freedom Park sa pambayang pamilihang bayan upang maamyendahan at maitama ang probisyon sa Kautusang Bayang Bilang 2 T. 2006 na nagtatakda ng 2,500 metrong parisukat na bahagi ng dating parking area ng palengke;

**IPINASIYANG PANHULI**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kgg. Punumbayan at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-07 ng Hulyo, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt070720res46*